O Allah!Tunay na siya ay iniibig ko,kaya Ibigin siya,at ibigin ang sinumang umibig sa kanya

Ayon kay Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya-siya ay nagsabi:Kasama ko ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa isang tindahan mula sa mga tindahan sa Madinah,Umalis siya at umalis din ako,Nagsabi siya:((Nasaan ang maliit-Tatlong beses-Tawagin mo si Hasan bin `Ali)) Tumindig si Hasan bin `Ali na na naglalakad at sa leeg niya ay isang kwentas.Sinabi ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa kamay nito-ang ganito,Sinabi ni Hasan bin `Ali sa kamay nito ang ganito,Niyakap niya ito,Nagsabi siya: ((O Allah!Tunay na siya ay iniibig ko,kaya Ibigin siya,at ibigin ang sinumang umibig sa kanya))At Nagsabi si Abu Hurayrah:Walang kahit isa [sa sinuman] na siyang pinakamamahal sa akin mula kay Husayn bin `Ali pagkatapos sabihin ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang kanyang nasabi.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Si Abū Hurayrah, malugod si Allah sa kanya-kasama ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nasa loob ng isang tindahan mula sa mga tindahan ng Madinah,Umalis siya-sumakanya ang pagpapala at pangangalaga-sa Tindahan,at umalis siya kasama si Abū Hurayrah,Dumating siya-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-sa bahay bahay ni Fatimah-malugod si Allah sa kanya-itinanong niya si Al-Hasan-malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:((Nasaan ang maliit?)) ibig sabihin?Nasaan ang maliit na bata?Tawagin ninyo siya para sa akin,Tumayo si Al-Hasan bin `Ali na naglalakad at sa leeg niya ay isang kwentas,itinaas ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang kamay niya upang yakapin si Al-Hasan,at itinaas din ni Al-Hasan ang kamay niya ,at nagyakaapan sila.Nagsabi ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-:Tunay na siya ay iniibig ko,kaya Ibigin siya,at ibigin ang sinumang umibig sa kanya.At Nagsabi si Abu Hurayrah:Walang kahit isa [sa sinuman] na siyang pinaka-mamahal sa akin mula kay Husayn bin `Ali-malugod si Allah sa kanya-pagkatapos sabihin ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ang kanyang nasabi.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/11171